

Kagawaran ng Edukasyon

Araling

Panlipunan 7

**Ang mga Kababaihan sa Asya noong
ika-16 na Siglo at sa Kasalukuyan
Ikalawang Markahan – Ikapitong Linggo**



Arnel G. Gutierrez
Manunulat

Ma. Martha R. Ullero
Tagasuri

Marlyn B. Latina at Felipa R. Dawa
Katibayan ng Kalidad



Schools Division Office – Muntinlupa City

Student Center for Life Skills Bldg., Centennial Ave., Brgy. Tunasan, Muntinlupa City
(02) 8805-9935 / (02) 8805-9940



INAASAHAN

Sa Modyul na ito inaasahang;

1. Napatotohanan ang bahaging ginagampanan ng mga kababaihan sa Asya noong ika-16 na siglo hanggang sa kasalukuyan
2. Naisasalooob ang pananagutan sa patuloy na pagpapaunlad ng pagkakakilanlan ng kababaihan sa Asya.
3. Nabibigyang kahulugan ang bawat impormasyon at nakalilikha ng kasagutan batay sa pinaka-epektibong pagtatasa.

Binubuo ang modyul na ito ng aralin tungkol sa mga pangyayari na may kinalaman sa mga kababaihan sa Asya mula ika labing anim na siglo. Basahin at unawain mabuti ang modyul. Sundin ang mga panuto sa bawat gawain. Panatilihin na nasa maayos na kondisyon ang modyul.



UNANG PAGSUBOK

Tama o Mali. Ilagay sa unahan ng bilang ang salitang TAMA kung sa palagy mo ay tama at lagyan ng MALI kung sa tingin mo ay mali. Isulat sa sagutang papel.

- _____ 1. Sa paniniwalang Buddhism ipinagkait ang pagkilala na ang babe ay pantay sa lalaki.
- _____ 2. Ang tanging pag-asa na lamang ng isang babae ay maisilang siya bilang isang sa susunod na buhay at makatamasa ng nirvana.
- _____ 3. Makikita sa Limang Ugnayan o Relasyon ng Confucianism ang pagpapahalaga sa mga kababaihan.
- _____ 4. Sinasang-ayunan ng Confucianism ang pagpapasailalim ng babae sa lalaki.
- _____ 5. Pinapahalagahan ng Confucianism ang mga anak babae kaysa mga anak na lalaki.
- _____ 6. Sa kabuuan, lalong pinairal ng Buddhism at Confucianism ang mababang katayuan ng babae sa lipunan.
- _____ 7. Sa China, bilang paggalang sa asawang lalaki, ang asawang babae ay kakain lamang pagkatapos kumain ng kanyang asawa.
- _____ 8. Sa China, ang pinakamahalagang tungkulin ng babae ay magluwal ng sanggol lalo na ang mga sanggol na lalaki.
- _____ 9. Sinasalamin naman sa China ang mataas na antas ng babae sa kaugalian ng footbinding.
- _____ 10. Sa India, ang dote na ibinigay ng pamilya ng lalaki ay nagiging pag-aari ng babae at ito ay maaari niyang ipamana sa kanyang mga anak na babae.

PANUTO: Basahin at unawain ang mga bilang na sagutan. Isiping mabuti ang tamang sagot. Isulat ang letra ng sagot sa inyong sagutang papel.

1. Ito ang pamantayan ng kagandahan para sa mga sinaunang Tsino, isang pananaw na sinimulan ng Dinastiyang Sung.
 - a. Burka
 - b. Concubine
 - c. Footbinding
 - d. Sati
2. Pinaniniwalaan sa Japan na may limang kahinaan ang babae. Alin sa mga sumusunod ang hindi kabilang sa mga kahinaang ito.
 - a. hindi masunurin
 - b. madaling magalit
 - c. matatakutin
 - d. mahina ang ulo
3. Ano ang batayan ng kahalagahan ng babae sa Confucianism?
 - a. kakayahan nyang mamuno sa lipunan
 - b. kakayahan nyang maging mas malakas sa asawa nyang lalaki
 - c. kakayahan nyang magkaroon ng anak
 - d. kakayahang makipag kalakalan at makisalimuha
4. Paano pinaiiiral ng Buddhism at Confucianism ang kalagayan ng kababaihan sa Asya?
 - a. may mababang katayuan ang mga kababaihan sa lipunan
 - b. may mataas na katayuan ang mga kababaihan sa lipunan
 - c. may pantay na katayuan ang mga kababaihan at kalalakihan
 - d. may mababang katayuan ang mga kalalakihan sa lipunan
5. Ito ay pera o pag-aaring ipinagkakaloob sa mapangangasawa.
 - a. dote
 - b. mana
 - c. purdah
 - d. sati



BALIK-TANAW

GAWAIN 1: FACT NA FACT!

Panuto: Magbigay ng tatlong mahalagang konsepto ng mga sinaunang Batas (Code) sa Asya na may kinalaman sa mga kababaihan. Isulat ang inyong sagot sa kahon

Batas	Mga Konsepto		
Code of Hammurabi			
Code of Manu			



PAGPAPAKILALA NG ARALIN

ARALIN 7 – Ang mga Kababaihan sa Asya Mula sa ika-16 na Siglo

Sinasabi na pagkaraan ng limang taon na nakamit ni Buddha ang kalinawagan, isa sa kanyang disipulo ang naghikayat sa kanya na payagan ang kababaihan na maging mga mongha. Bunga nito, nagkaroon ng pagkakataon ang kababaihan na ipaliwanag ang mga turo ni Buddha sa mga kabaro nila. Gayunpaman, ipinagkait ng Buddhismo ang pagkilala na ang babae ay pantay sa lalaki. Nakapailalim pa rin ang mga mongha sa mga monghe. Ipinagkait din ng Buddhismo ang pagtatamo ng nirvana ng mga babae. Ang tanging pag-asa na lamang ng isang babae ay maisilang siya bilang isang lalaki sa susunod na buhay at makatamasa ng nirvana.

Makikita ang pagpapahalaga ng Confucianism sa lalaki sa Limang Ugnayan o Relasyon na kinikilala nito. Sa nasabing ugnayan, lahat ng ugnayan ay nakasaad mula sa pananaw ng lalaki. Muli, ang Limang Ugnayan na ito ay ang sumusunod;

- Emperador – mamamayan
- Ama – anak na lalaki
- Asawang lalaki – asawang babae
- Nakatatandang kapatid na lalaki – nakababatang kapatid na lalaki; at
- Kaibigan – kaibigan

Malinaw na sinang-ayunan ng Confucianism ang pagsasailalim ng babae sa lalaki

Sinang-ayunan din ng Confucianism ang pagpapahalaga sa mga anak na lalaki kaysa mga anak na babae. Ito ay dahil ang mga babae ang nagbibigay ng dote. Tinitingnan ang mga babae na nagbabawas sa kaban ng pamilya samantalang ang mga lalaki ang nagdaragdag dito. Bukod dito, itinuturing na ang mga anak na lalaki ang siyang magpapatuloy ng pangalan ng pamilya.

Ang halaga ng babae sa Confucianism ay ibinatay sa kakayahan niyang magkaroon ng anak at kung hindi man ito mangyari, ang babae ay maaaring idiborsyo ng kanyang asawa.

Sa kabuuan, lalong pinairal ng Buddhismo at Confucianism ang mababang katayuan ng babae sa lipunan. Sa kabuuan, ano naman ang tradisyonal na papel ng babae sa Asya?

Ang Tradisyonal na Papel ng Babae

Itinuturing na iisa lamang ang maaaring tunguhin ng babae sa tradisyonal na Asya. Ito ay ang maging isang asawa at maging ina.

Bilang asawa, ang babae ay dapat maging isang tapat na kabiyak at dapat niyang pagsilbihan ang kanyang asawa. Sa India, ang itinuturing na huwaran na babaing asawa ay si Sita, asawa ni Prinsipe Rama sa epikong Ramayana.

Si Sita ay naging tapat kay Prinsipe Rama maging nang siya ay mapasakamay ng hari ng mga unggoy. Sumailalim siya sa pagsubok sa apoy upang patunayan ang kanyang katapatan at kalinisan sa asawa. Sa Hinduism, bilang patunay ng pagmamahal sa asawang lalaki, ang asawang babae inaasahang tumalon sa funeral pyre o apoy na sumusunog sa labi ng kanyang asawa. Ang tawag sa kaugalian na ito ay sati o suttee.

Sa India, bilang paggalang sa asawang lalaki, ang asawang babae ay kakain lamang pagkatapos kumain ng kanyang asawa.

Sa China, ang pinakamahalagang tungkulin ng babae ay magluwal ng sanggol lalo na ng mga sanggol na lalaki. Dahil dito, ang pagiging baog o walang kakayahan ng babae na magluwal ng sanggol ay maaaring maging dahilan ng diborsiyo sa China.

Sa mga lipunang Muslim, may mga kaugalian na sumasailalim sa mababang antas ng kababaihan. Ito ang kaugalian ng purdah na ibig sabihin ay belo sa salitang Persian. Inaasahan ang asawang babae na itago ang kanyang sarili sa pamamagitan ng pagsuot ng burka. Isang damit na maluwag na may kasamang belo. Layunin ng kaugalian na ito ang ipaalala na tanging ang kanyang asawang lalaki ang may karapatang makaita sa kanya. Pinagtibay ng kaugaliang ito ang pagpoprotekta ng karapatan ng asawang lalaki sa asawang babae.

Sinasalamin naman sa China ang mababang antas ng babae sa kaugalian ng footbinding. Ito ang sadyang pagbabali ng arko ng paa upang hindi ito lumaki nang normal. Tinatawag ang ganitong klaseng mga paa na lotus feet o lily feet. Ito ay ginagawa habang bata pa ang babae. Sinasabing isa itong pamantayan ng kagandahan para sa mga sinaunang Tsino, isang pananaw na sinimulan ng Dinastiyang Sung. Humahanap ang isang lalaking Tsino ng isang klaseng paa upang mapangasawa. Isa rin daw pagtugon sa kahilingang pang-erotiko ng lalaki ang footbinding sa China. Ang pagkakaroon ng lotus feet dulot ng footbinding ay patunay rin na ang babae ay hindi nagtatrabaho. Nasa bahay lamang siya at kayang suportahan ng kanyang asawa.

Mga Kaugaliang nagpapakita ng mababang antas ng kababaihang Asyano ang footbinding (kaliwa) sa China at pagsusuot ng burka.



Isa pang kaugalian sa China na nagpababa sa antas ng kababaihan ay ang concubinage o pagkuha ng asawang lalaki ng iba pang babae liban sa kanyang asawa. Ang concubine ay itinitira ng asawang lalaki sa kanilang bahay. May karapatan ang asawang lalaki na magkaroon ng maraming concubine.

May pagkakahawig ang tadhana ng kababaihan sa tradisyonal na Asya. Mababa ang tingin ng lipunan sa babae. Kung mag-asawa ang babae, siya ay nagiging bahagi ng pamilya ng lalaki. Sa ganitong sitwasyon, ang babae ay napapasailalim sa kapangyarihan ng kanyang biyenan na babae. Wala o kaunti ang karapatang legal ng asawang babae. Ipinagkakait din sa kanya ang mag-impok ng sariling ari-arian. Sa India, ang dote na ibinibigay ng pamilya ng lalaki ay nagiging pag aari ng babae at ito ay maaari niyang ipamana sa kanyang mga anak na babae.

Sa Japan, bago umiral ang piyudalismo, may karapatan ang parehong anak na babae at lalaki na magmana ng ari-arian ng kanilang mga magulang. Ngunit naglaho ang kaugalian na ito noong panahon ng Kamakura at Ashikaga Shogunate. Negatibo ang tingin ng lipunan sa babae. Pinaniniwalaan sa Japan na may limang kahinaan ang babae. Ito ay ang pagiging hindi masunurin, madaling magalit, masama ang bibig, madaling magselos, at mahina ang ulo.

Sa pagpasok ng ideolohiyang sosyalismo sa China noong ika-20 siglo, itinuring na pantay ang babae at lalaki at mariing ipinagbawal ang kaugalian ng footbinding. Tanda ng pagkamulat ng mga Tsino sa pantay na tingin sa babae ay ang kanilang kasabihan na ang babae ay sumasagisag sa kalahati ng langit kung walang babae.

Isinasalamin din ito ng mga element ng yin at yang sa Taoism. Tandaan na sinasagisag ng elementong babae ang yin at ng elementong lalaki ng yang. Aktibo ang element ng yang at sinasagisag nito ang langit, liwanag, mga bilang na walang pares, at linyang hindi napuputol. Samantalang sinsagisag naman ng yin ang hindi aktibong element tulad ng lupa, dilim, at ang bilang na may pares at putol-putol na linya. Ayon sa Taoism, hangad ng dalawang elementong ito na magtamo ng isang balanseng sitwasyon. Patunay ito na sa harap ng maraming balakid ng kababaihan, may pagkilala pa rin sa kanilang kahalagahan sa tradisyonal na Asya.

MGA KASALUKUYAN KABABAIHAN SA ASYA



<https://www.slideshare.net/anton1172/aralin-28-ang-kababaihan-sa-kasalukuyang-asya>



GAWAIN

GAWAIN 2: *Babae Ako! May K Ako!*

Gumupit ng mga larawan ng mga kababaihang nagpapakita ng kanilang katayuan noong ikalabing-anim na siglo (16th Century) at ang makabago at kasalukuyang kababaihan (women empowerment) sa Asya. Idikit ang mga ginupit na larawan sa isang oslo paper.



TANDAAN

- Malinaw na sinang-ayunan ng Confucianism ang pagsasailalim ng babae sa lalaki.
- Sa kabuuan, pinaiiral ng Buddhism at Confucianism ang mababang katayuan ng babae sa lipunan.
- Itinuturing na iisa lamang ang maaaring tunguhin ng babae sa tradisyunal na Asya and mabuting asawa at ina.
- May mga bahaging ginagampanan ang mga kababaihan sa sinaunang Asya hanggang sa kasalukuyan sa ating lipunan.



**PAG-ALAM SA
NATUTUHAN**

GAWAIN 3: *Repleksyon ko bilang BABAE!*

Panuto: Magbigay ng isang katangian o katayuan ng mga kababaihan sa mga Bansa sa Asya. Isulat ang inyong sagot sa kahon

Bansa sa Asya	Mga Katangian o Katayuan ng mga kababaihan
India	
China	
Muslim	
Japan	

Mga Gabay na Tanong:

1. Paano mo ipinapakita ang iyong paggalang sa mga babaing kamag-aral?
2. Dapat bang bigyan ng pagkakataon ang mga babaing mag-aaral na mamuno sa mga samahan ng mga mag-aaral sa paaralan?



**PANG-WAKAS NA
PAGSUSULIT**

PANUTO: Isulat sa sagutang papel ang salitang tinutukoy ng bawat aytem sa ibaba. Piliin ang letra at buong salita ng wastong sagot.

1. Siya ang tinaguriang ang kaliwanagan.
a. Buddha b. Confucius c. Hesus d. Lao Tsu
2. Sa relihiyong ito sinang ayunan ang pagpapasailalim ng babae sa lalaki.
a. Buddhism b. Confucianism c. Hinduism d. Taoism
3. Ipinagkait sa relihiyong ito ang pagtatamo ng nirvana sa mga babae.
a. Buddhism b. Confucianism c. Hinduism d. Taoism
4. Sa relihiyong Confucianism, alin sa Limang Ugnayan o Relasyon ang hindi kabilang.
a. ama b. biyenang c. emperador d. kaibigan
5. Sa lipunang Muslim, ano ang mga kaugalian na sumasalamin sa mababang antas ng kababaihan?
a. Concubine b. Footbinding c. Nirvava d. Purdah

PANUTO: **Analohiya.** Tukuyin ang katumbas na salita batay sa pagpapahalaga ng Confucianism sa lalaki

1. Asawang lalaki: Asawang babae – Emperador: _____
2. Kaibigan: kaibigan – Ama: _____
3. Babae sa China: Footbinding – Babae sa Muslim: _____
4. Concubine: China – Funeral Pyre: _____
5. Prinsipe Rama: India – Ashikaga Shogunate: _____

PANUTO: Tama o Mali. Ilagay sa unahan ng bilang ang salitang TAMA kung sa palagy mo ay tama at lagyan ng MALI kung sa tingin mo ay mali. Isulat sa sagutang papel.

- _____ 1. Ang tanging pag-asa na lamang ng isang babae ay maisilang siya bilang isang sa susunod na buhay at makatamasa ng nirvana.
- _____ 2. Sinasang-ayunan ng Confucianism ang pagpapasailalim ng babae sa lalaki.
- _____ 3. Sa China, bilang paggalang sa asawang lalaki, ang asawang babae ay kakain lamang pagkatapos kumain ng kanyang asawa.
- _____ 4. Sa India, ang dote na ibinigay ng pamilya ng lalaki ay nagiging pag-aari ng babae at ito ay maaari niyang ipamana sa kanyang mga anak na babae.
- _____ 5. Pinapahalagahan ng Confucianism ang mga anak babae kaysa mga anak na lalaki.

Sanggunian

ASYA: Pagkakaisa sa Gitna ng Pagkakaiba (Araling Panlipunan Modyul para sa Mag-aaral)

Mateo, Camagay, Jose, Miranda, and Boncan – ASYA PAG-USBONG NG KABIHASNAN Batayang Aklat

<http://www.circumstitions.com/Images/feet2.jpg>

<http://mskennedyenglish.weebly.com/uploads/1/7/6/9/17697085/722219942.jpg?433>

Pangwakas na Pagsusult

1. A
2. B
3. C
4. C
5. D

Analohiya

1. Mamanayan
2. Anak na lalaki
3. Burka
4. India
5. Japan

1. TAMA
2. TAMA
3. MALI
4. TAMA
5. MALI

Unang Pagsubok

1. TAMA
2. TAMA
3. MALI
4. TAMA
5. MALI
6. TAMA
7. MALI
8. TAMA
9. MALI
10. TAMA

1. C
2. C
3. C
4. A
5. A